

BLUE WATERS

Joselito D. Delos Reyes

Natatandaan ba ninyo si Impen? Iyong agwador noong panahon ng kopong-kopong na ang istorya ay pilit ipinabasa sa atin noong high school? Well, matapos ang ilang dekadang wala tayong balita matapos ang suntukan sa gripo, ito na siya ngayon.

“In just ten years, he elevated Blue Waters to its inconceivable heights as industry leader in the realm of water utilities in the Philippines. With him at the operational helm, we are second to none..”

Ganito sinimulan ang pagpapakilala kay Impen bilang bagong Senior Vice-President for Operations ng Blue Waters Utilities, Inc. kaninang quarterly board meeting. Ito na ang pinakamataas na makakamit niya bago magretiro dahil mga anak ng chairman—ang construction at real estate magnate at dating senador na si Manolo Vilorio alyas Boss Mano—ang nagiging presidente ng kompanya.

Matik’yun. Si Manoling o Mano Junior ang unang pangulo ng Blue Waters mula nang gawing bahagi ng Milagrosa Holdings isang dekada na nga ang nakararaan. Naging presidente ng kompanya si Manoling hanggang noong matapos ang huling presidential election nang ma-appoint ang panganay na anak ni Boss Mano bilang gabinete ng bagong pangulo ng bansa. Humataw sa stock market ang kompanya matapos mapabalita ang appointment ni Manoling sa Public Works.

Si Marivic naman ang pumalit bilang president and CEO ng Blue Waters kahit pa beinte ocho años lang ang dalaga. “You can always count on her being fresh from her successful MBA sa Kellogs,” laging pagmamalaki

ni Boss Mano kapag may mancomm meeting sila kahit na apat na taon nang nagtapos si Marivic. “Iba na ang may headstart sa academe patungo sa negosyo,” sasabihin pa ni Boss Mano.

Nakahilera naman si Menchu, ang bunso, na sa San Francisco, California naman nagkolehiyo. Presidente naman ngayon si Menchu ng courier company ng mga Viloría, ang MBV Padala Sigurado Pronto, Inc. Pero hindi siya magtatagal dito. Siya ang papalit sa tiyuhin na congressman ng kanilang lungsod. Walang katalo-talo.

Kunsabagay, hindi naman hinangad ng ating bidang si Engr. Crispin Bancud, o si Impen, ang maging presidente ng kompanya. Pasalamat na siyang iniangat sa posisyon bilang SVP, isang posisyong ginawa lamang nang magkasundo ang board na kailangan siyang ma-promote dahil sa nagawa niya sa kompanya bago man lang magretiro sa susunod na taon.

Sa conglomerate na ng mga Viloría tumanda si Engr. Impen. Wala pa man ang Blue Waters Utilities, Inc. tauhan na siya ni Boss Manolo. Nagsimula siya bilang junior site engineer ng Milagrosa Builders, ang unang kompanya ng pamilya Viloría. Kapag may nabiling sakahan ang pamilya, siya ang naghahanap ng mapagkukuhanan ng tubig na isu-supply sa maliliit na kontratang bahay na itatayo sa mga dating sakahan. Ito ang selling point ng kompanya: disentang bahay at buhay para sa nagsisimulang pamilya.

Nagsisimulang pamilya ang unang target market ng Milagrosa. Maliliit kasi ang mga socialized housing ng nagsisimulang real estate at construction firm noon. Singkuwenta hanggang sitenta metro kuwadrado ang mga bahay. Mura, kay daling i-loan, ang daling kuhanin sa pension lalo pa’t na-professionalize na rin ng Milagrosa ang pag-facilitate ng loan sa Pag-ibig, GSIS, at SSS. Nakipag-partner sa mga bangko, nakakipag-alyansa sa mga lokal na pamahalaan, kaya para sa mga nagsisimulang pamilya, patok nga ang Milagrosa.

Nagsimula noong dekada otsenta ang pagdami ng Milagrosa Homes. Nagsulputan sa mga hindi inaakalang lugar na dati'y taniman ng palay, kamote, mais, tubo. May Milagrosa Homes 1 hanggang Milagrosa Homes 262. Pinigilan na lamang ang de-numerong pagpapangalan sa Milagrosa nang mauso ang brand management at sabihin ng isang kinonsultang brand expert na hindi na maganda ang pare-parehong pangalan kahit pa trusted brand na ang Milagrosa.

Kailangan daw iangat ang level. Kailangan daw may spectrum of options for different social needs. Para raw sardinas. May sardinas na pangmahirap, pang-middle-class, at may para sa alta sociedad. Ganoon din daw dapat sa housing. Kaya lumabas noong simula ng bagong milenyo ang Milagrosa Millennium Park sa Canlubang, Laguna na isang industrial subdivision na may world-class golf course, at ang Milagrosa Highlands na nasa Silang, Cavite.

Pinakyaw ng pamilya Vloria ang mga taniman ng pinya at kape sa bahaging iyon ng Cavite, lalo iyong ilang kanto lang ang pagitan sa Tagaytay. Pinatayuan ng 4-storey townhouses para sa upper middle-class living. Milyon-milyon ang halaga ng bawat unit. Tagaytay Within Reach ang naging tagline ng high-end subdivision na hinding-hindi na within reach ang presyo ngayon.

Gayong may high-end, hindi naman nawala ang low-cost housing ng mga nasimulang Milagrosa Homes. Nakagawa ng maliliit na konsentrasyon ng kabahayan ang mga Vloria sa mga sakahan. Kay dali niyang naipapadeklarang residential area ang dating agrarian land. Ano ba naman ang pagiging senador ni Boss Mano kung mababalewala ang kaniyang sinasabing "housing program" na lagi niyang bitbit sa kahit anong okasyong bibigyan siya ng pagkakataong magsalita? Si Senador Vloria ang itinuturing na ama ng socialized low-cost housing sa bansa. Siya ang milagro sa likod

ng Milagrosa Homes. Pero ang totoo, at kinikilala ito ni Boss Mano, si Engr. Impen ang dahilan ng tagumpay ng Milagrosa. Ang ating si Impen.

Walang magtatagumpay na socialized housing at mga subdivision kung walang talas ng pag-iisip ng ating si Impen. Alam niya ang pinagmumulan ng tubig sa isang lugar. Alam agad niya ang gagawing linya ng patubig. Ibubulong kay Boss Mano ang mga parselang sakahang dadaanan ng tubig na kagyat bibilhin ni Boss Mano sa kung sinong may-ari. Kapag ayaw magbenta, ano ba namang magpasama sa mga kapitan o meyor ng lokalidad? Ano ba naman kung may tanod o pulis bilang seguridad sa pakikipag-usap? Charm and sales acumen ang tawag ni Boss Mano sa kaniyang paraan ng pagbili ng mga lote. Pananakot ang alam ng mga puwersahang binilhan at pinaalis sa kanilang mga sinasakang lupa. Pero wala nang pakialam si Engr. Impen sa mga ito. Ang kailangan niya ay makuha ang source ng tubig at madala sa mga Milagrosa, sa mga Millenium Park at Highlands. Kaya ingunguso agad niya ang source, ililihis ang batis at ilog, kukutsabahin ang patubig para mapadaloy patungo sa Milagrosa.

Nagsimula ang fascination sa tubig ng ating si Impen nang magtapos siya ng high school noong dekada sienta. Agwador siya noong bata hanggang takasan ang looban. Sa gripo siya namulat. Sa gripo niya nakikita ang sarili. Iniwan niya ang probinsya para sa Maynila muna mamasukan hanggang makapag-aral. Dahil may utak at batak ang katawan sa kasipagan, sino ang hindi mag-aakala sa looban at sa ating mga nakasaksi sa kaniyang buhay na magtatapos siya sa UP sa kursong civil engineering? Doon niya nakilala si Boss Mano na isang working student din noon gaya niya. Naging magkaibigan sila ni Boss Mano na kailanman ay hindi tumingin sa kulay ng kaniyang balat, sa kulot niyang buhok. Sa ilong na sarat, sa namamalirong na nguso.

Nang magtapos sila ni Boss Mano, namasukan sila sa isang construction firm na pag-aari ng pamilya Omlas ng Unisan sa Quezon. Dahil

malakas kay Imelda, maraming kontrata ang pamilya Omlas sa bahaging iyon ng Luzon. Marami pero maliliit na subcontract na laging may kinalaman sa tubig: kubeta ng kapitolyo, tangke ng munisipyo, sanitation, patubig, piping, drilling ng deep-well ng mga barangay. Nang minsang mag-swimming sa dalampasigan ng Catanauan ang magkaibigan, isinalba ng ating si Impen ang buhay ni Mano nang pulikatin habang lumalangoy pabalik sa pampang. Walang nakakaalam sa ginawang ito ni Impen sa kaibigan.

Habang nagtrabaho sila bilang junior engineer, napangasawa naman ni Boss Mano ang panganay na anak na babae ng pamilya Omlas. Mula nang mapangasawa—instant promotion!—naging Boss Mano na si Manolo Vloria. Pero sa tuwing magkakainuman si Boss Mano at Engr. Impen, nawawala ang taguring boss. Mano pa rin siya sa kaklaseng madalas ibiro ni Boss Mano sa mga empleyado ng Blue Waters na kinokopyahan daw niya noong college. Na inulit niya kanina sa board meeting: “I always rely on him on matters of water for our company and on calculus during our college days.” Tawanan ang nasa meeting kanina. Tumawa na rin siyempre ang ating si Engr. Impen kahit na ilang ulit na niyang narinig ang biro ng kaibigan.

Kahit hindi iutos ni Boss Mano, mataas ang respeto at malaki ang takot ng mga taga-Blue Waters kay Engr. Impen. Estrikto ang ating matandang inhinyero at executive. Bhirang magbiro. Matikas ang tuwid na tuwid pa ring tindig kahit na pitumpong taon na at dapat nang magretiro.

“Magreretiro kang Senior Vice-President for Operations. Deserve mo lahat ang benefits and perks na sinadya kong ilagay sa SVP position,” pabulong na sinabi sa kaniya ni Boss Mano habang nasa isang pagpupulong tungkol sa dalawang bagong corporate acquisition ng Blue Waters: ang Mt. Balabag Water Systems sa isang bayan sa Kabikolan at ang Hermano Lucing Local Water Services sa isang bayan sa Katimugang Luzon na pawang pag-aari ng lokal na pamahalaan. “Wait another year, mag-i-initial public offering ang Blue Waters, pamana mo sa mga anak mo ang stocks, assured na ang

future ng mga apo mo sa tuhod, compadre, as long as we continuously expand.”

Ito ang sentro ng negosyo ngayon: expansion, acquisition. Madaling magpatayo ng subdivision kung may steady supply ng tubig. Lalo kung hawak ng Blue Waters ang tubig sa isang bayan. Kumikita na sa linya, na-assure pa ang tubig sa itatayo pa lamang na village sa kung saang taniman ng kamote ngayon.

Noong kolehiyo pa lamang, alam na ni Boss Mano ang kakayahan ng ating si Engr. Impen. Matalino, matapang, hindi pasisindak. Pinatibay ng panghahamak sa kulay ng kaniyang balat, sa kulot niyang buhok. Sa ilong na sarat, sa namamalirong na nguso. Kayang makipagbasagan ng mukha si Impen. Kung inabot siguro sila ng Martial Law sa UP, siguro, namatay na rebelde sa bundok si Engr. Impen. Pero hindi na ito mangyayari dahil nagtrabaho na sila sa pamilya Omlas kung saan niya naging boss si Boss Mano nang pumutok ang First Quarter Storm.

“Mag-aral ka sa ibang bansa. Sagot ng kompanya pati allowance mo,” alok ni Boss Mano kay Engr. Impen, “Pero pagbalik mo, share your expertise sa kompanya. I have grand plans, Brad. Real estate, land development, magpapagawa tayo ng tirahan, maraming-maraming tirahan. Di ba sabi mo sa akin nung first year tayo, noong nagpuputol tayo ng damo habang ROTC, wala kayong maayos na tirahan, walang malinis na inumin, walang pampaligo, ‘yan ang gawin mong motivation.”

Walang maayos na tirahan, walang maayos na daloy ng tubig. Dahil yata sa pagdarahop sa malinis na tubig, kaya nga gustong-gusto ng ating si Impen ang pulidong patubig sa bawat project nila. Walang mauuhaw, walang mahihirapan sa paliligo. Lahat ng magsesepilyo, may pangmumog basta may pambayad, biruan nila ni Boss Mano sa despedida niya sa Aristocrat ilang araw bago pumunta ang ating si Impen sa University of Arizona para sa master of science in Hydraulics and Water Resources Engineering.

Titulado ng masters nang bumalik siya noong 1975, assemblyman naman ang patriyarka ng pamilya Omlas. Nagsisimula na noon ang Milagrosa. Ilang parsela ng lupa sa gawing Parañaque at Muntinlupa ang site ng mga unang Milagrosa, mga retiradong guro, sundalo at pulis ang mga unang nanirahan sa noo'y tinatawag na dampa ng mga retirado sa malawak na cogon fields ng Putatan.

Nagkasa ang ating si Engr. Impen ng maraming proyekto para sa tuloy-tuloy na daloy ng tubig. Sa bawat bubuksang subdivision at village, dumaan sa matalas na drafting pen at pirma niya ang dadaluyan at ang mase-secure na source ng malinis na tubig.

Ipinahiram siya ni Boss Mano sa pamahalaan. Nag-consultant sa mga itinatayong dam at resevoir ng Ministry of Public Works at sa nire-align na serbisyo ng NAWASA sa Metro Manila. Lumapad ang papel ni Boss Mano sa gobyerno hanggang manalong congressman noong panahon ni Cory at Ramos, at naging senador na nga noong panahon ni Arroyo.

Nag-diversify ang Milagrosa. Naging Milagrosa Holdings. Ina ng mga kompanyang pabahay, construction, water utilities, courier service, memorial park, at malls. Dahil tubig ang specialization ni Engr. Impen, ipinadaloy siya sa isang katatatag na kompanyang si Engr. Impen din ang nagmungkahing gawing bahagi ng diversification, spin-off mula sa Milagrosa Homes, ang Blue Waters Utilities, Inc. na mag-i-initial public offering bago magretiro ang siguradong milyonaryo nating inhinyerong si Impen.

Mula noon, bawat water service ng local government na magustuhan ng ating Engr. Impen, bibilhin ni Boss Mano. Ipa-privatize gamit ang instant ordinansa ng mayorya ng sanggunian at kakamping mayor. Gagamitin ang koneksyon at pera para mapasakamay ang tubigan ng bayan. Sasadyaing sirain ang nakasanayang serbisyo. Ija-justify ang acquisition para raw maseguro ang maayos na serbisyo ng tubig. Sabi nga ng Blue Waters sa kanilang tagline:

“Kasama ka sa pagdaloy ng kaunlaran.” At tuloy-tuloy ang pagdaloy ng kaunlaran, yaman, at kapangyarihan sa mga Viloría.

“Sir Bancud, may gusto pong makipag-usap sa inyo sa labas. A certain Mr. Gorgonio Diamante daw po,” paalala ng kaniyang executive assistant habang isinasalansan niya ang kaniyang laptop sa loob ng mabangong leather briefcase.

“Nasa schedule ko ba ‘yan?” nagtatakdang pag-uusisa ng ating Engr. Impen. Paalis na sana siya. Hinihintay siya ng kaniyang maybahay at tatlong anak sa isang restaurant sa Shangri-La for dinner. Treat niya sa promotion na matagal na niyang nai-set kahit pa kanina lamang pormal na inianunsyo sa board. Importante rin ang gabing iyon dahil doon ilalahad ng kaniyang bunsong si Danum ang plano nitong mamahikan sa kasintahan. Exciting night. Another manugang. Another set of apo.

“Yes, Sir. Late afternoon meeting po sana, Sir. Kaso, late na po natapos ang meeting ninyo with the board. Ang nakalagay lang po dito ay officials of Mansueto Municipal Water Services sa Mansueto, Tarlac po.” Pamilyar siya sa lugar dahil sa paligid sa Mansueto siya lumaki noong elementarya at unang bahagi ng high school. Pero nais niyang makatiyak.

“Ano meron sa Mansueto? Paki-brief nga ako, I might have forgotten the details already.”

“Sir, humina na raw po ang water supply nila since we acquired the adjacent town’s water system dahil...”

“Ah yeah, I remember. Yeah, the one that I’ve been prodding to Boss Mano na dapat na rin i-acquire ng Blue Waters, yes?”

Tumango ang executive assistant. Tila may itinatagong hiya. “They were gravely affected na raw nang i-divert po natin ang flow from the Tarlac-Nueva Ecija Basin at hinaan ang valve leading to their reservoir. Controlled distribution po because of the dry season, as, ahm, as you, mentioned po...”

Napangiti ang ating Engr. Impen. “All the more reason to sell,” diin ng matikas at matandang inhinyero. “Wala na palang dumadaloy na tubig e.”

“Kakausapin daw po kayo kahit sandali dahil magkakilala daw po kayo. Dati. Kababata daw po or something, Sir.”

“Ah, wow, really. Ano nga uli ang pangalan ng representative?”

“Mr. Gorgonio Diamante daw po. Quite old, Sir. I already told him na baka gabihin po kayo sa meeting but he insisted...”

Napakunot ang ating Engr. Impen. Sino itong kababata raw niya sa Mansueto? Wala siyang matandaan. Wala siyang matatandaan dahil bahagi ito ng kaniyang kabataang ipinaagos niya palayo sa alaala lalo sa tuwing magvi-video call sila ng mga kapatid niyang sina Kano, Boyet, at Diding na nasa ibang bansa na ngayon.

Naupo ang ating si Engr. Impen. Ibinaba niya ang nakahanda nang briefcase na nasa mesa. Inihanda niya ang sarili sa inaasahan niyang pakiusap na huwag pagkaitan ng tubig ang bayan, dahil kung hindi, bakit kailangang hintayin siya nang ganito katagal? Buo na sa loob niya ang sasabihin: kung gusto ng maayos na serbisyo, hayaang Blue Waters ang mag-operate ng tubigan.

“Sir, Mr. Gorgonio Diamante is here,” pukaw ng executive assistant.

“Gorgonio Diamante? Gorgonio? Ogor?”

“K-Kumusta ka, ahm, Engr. Impen? K-kumusta ka, Impen. Makikiusap sana ako ng tubig para sa bayan mo...” malumanay na pahayag ng kinamuhian nating tauhan noon na pinatikim ng malulupit na kamao ng ating si Impeng Negro, ng atin pa nga ba ngayong si Impeng Negro?